

Dalawang Tainga Isang Bibig

A Lord's Flock General Assembly Topic

By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
October 17, 2020

Binigyan tayo ng Diyos ng dalawang tainga para marinig ang Kanyang salita at isang bibig para magamit sa panalangin at pagpuri sa Diyos. Minsan, tayong mga mananampalataya ay gumagawa ng hindi tamang paraan ng pagdadasal, na nagdadala sa ating kapahamakan.

Mga maling paraan ng pagdadasal:

1. Hindi nanalangin

1.1 Kung ang dasal natin ay para lamang sa tainga ng tao, ito'y hindi kaaya-aya sa Panginoon.

- "Ngunit kapag manalangin ka, pumasok ka sa iyong silid at isara ang pinto. Saka ka manalangin sa iyong Ama na di mo nakikita, at gagantihan ka ng iyong Amang nakakakita ng kabutihang ginagawa mo nang lihim" (Mt. 6:6).

1.2 Hindi lugar ang panalangin para maiwasto ang kapwa.

1.3 Hindi lugar ang panalangin para ipakita ang ating espirituwalidad.

2. Panalanging puno ng 'espirituwal na paningit'

2.1 "Paggalang na handog sa akin ng bayan ko'y paimbabaw lamang, sapagkat sa bibig at hindi sa puso ito bumubukal" (Mt15:8).

- Iwasang paulit-ulit ang ating panalangin.

- Gusto ng Diyos na maging tapat tayo.

3. Panalanging itinataas ang sarili

3.1 Itinataas ng Pariseo ang kanyang sarili sa panalangin habang hinahamak niya ang ibang taong magnanakaw, mandaraya at mangangalunya. Sa kabilang banda, may publikanong nakatayo sa malayo't taos-pusong nagsisisi sa kanyang mga kasalanan (Lk. 18:9-14).

4. Panalanging nagmamaniyula sa Diyos

4.1 Hinamak ni Jona ang Nineve kaya't inasahan niya ang matinding galit ng Diyos (Jonas 4:6).

5. Makasariling panalangin

5.1 "Lumapit kay Jesus ang asawa ni Zebedeo, kasama ang kanyang 2 anak. May ibig siyang hilingin kaya't lumunod siya sa harap ni Jesus. "Ano ang ibig mo?" tanong ni Jesus. Sumagot siya, "Sana'y ipagkaloob ninyo sa dalawa kong anak ang karapatang makaupong katabi ninyo sa inyong kaharian – isa sa kanan at isa sa kaliwa" (Mt. 20:20-21).

6. Maling Panalangin

6.1 Ang panalanging may maling motibo ay nagdudulot ng kapahamakan.

7. Open-ended na Panalangin

7.1 "Tandaan ninyo ito:kung sabihin ninuman sa bundok na ito "Umalis ka riyan; tumalon ka sa dagat," na hindi siya nag-aalinlangan kundi nananalig na mangyayari ang sinabi niya, ito'y gagawin ng Diyos para sa kanya (Mk. 11:23).

7.2 "Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo ng kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila (1Pt. 5:8).

Kailangang magnilay tayo nang taimtim kung paano tayo magdasal at hingin ang gabay ng Espiritu Santo para pangunahan tayo sa pagdadasal.

Pagninilay:

Ano ang hiningi mo sa Panginoon sa panalangin na taliwas ang Kanyang ipinagkaloob?

Isinalin ni: Sis Nida Cruz

Na-edit at inaprobahan ni: Sis.

For more teachings, visit our website:

www.lordsflock.org/teachings/readingmaterials